

# mga karaniwang tanong at sagot

## SA PANSAMANTALANG PAGHINTO NG OPERASYON NG MGA BSP COIN DEPOSIT MACHINE

T

1. Bakit pansamantalang ihihinto ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang operasyon ng mga Coin Deposit Machine (CoDM)?

S

Pansamantalang ititigil ang operasyon ng mga CoDM upang bigyang-daan ang masusing pagsusuri ng BSP sa kanilang performance. Layunin ng pagsusuring ito na matiyak na ang serbisyo ay naaayon sa pangangailangan ng mga mamamayan at patuloy na nagbibigay ng ligtas, maginhawa, at episyenteng karanasan.

Kasama sa pagsusuri ang posibilidad ng integrasyon ng iba pang payment options at ang pagpapahusay sa kabuuang coin-exchange service sa bansa. Bahagi rin ang pag-aaral kung paano mapapalawak ang proyekto, kabilang ang pagdaragdag ng mga CoDM o ang pagdadala ng serbisyo sa mas maraming rehiyon.

T

2. Hanggang kailan magagamit ang mga CoDM?

S

Magagamit ang mga CoDM na nakatalaga sa piling retail establishments sa Greater Manila Area hanggang ika-16 ng Hunyo 2025.

T

3. Gaano katagal mahihinto ang CoDM Project?

S

Matapos ang pagsusuri, muling ilulunsad ng BSP ang CoDM Project alinsunod sa layon nitong mapabuti ang sirkulasyon ng mga barya.

Agad naming ipapaabot sa publiko ang anunsyo sa muling pagpapatakbo ng operasyon ng CoDM sa pamamagitan ng aming opisyal na website, press release, at social media accounts.

T

## 4. Saan ako maaaring magpapalit ng barya habang hindi pa muna magagamit ang mga CoDM?

S

Maaaring magpunta sa pinakamalapit na bangko upang magpapalit o magdeposito ng mga barya. Dahil may ilang bangko na nangangailangan ng active deposit account bago tumanggap ng barya, nakipag-ugnayan ang BSP sa mga piling financial institutions upang magsilbing currency exchange centers/partners (CEC/CEP) para tumulong sa pagpapalit ng mga barya—kabilang ang marurumi (unfit) at sira-sira (mutilated)—sa ilalim ng programang BSP Piso Caravan.

Ang mga barya ay maaaring ipapalit bilang perang papel/polymer o electronic money sa mga CEC/CEP. Ito ay alinsunod sa layunin ng BSP na panatilihing maayos, malinis, at ligtas gamitin ang perang nasa sirkulasyon. Ang listahan ng mga currency exchange centers ay makikita dito: https://bit.ly/ListCECCEP

Paalala rin ng BSP na ayon sa Section 1111 ng 2022 Manual of Regulation for Banks, bahagi ng tungkulin ng mga bangko na tumanggap at palitan ang unfit at mutilated na pera—papel/polymer man o barya—upang alisin ang mga ito sa sirkulasyon.

T

5. Ano ang mangyayari sa mga baryang naideposito na sa CoDM?

S

Ang mga baryang nakolekta sa mga CoDM ay ibibigay sa partner retailers ng BSP para sa kanilang over-the-counter transactions, o ibabalik sa BSP.

T

6. Saan maaaring dumulog para sa mga isyung hindi pa natutugunan sa paggamit ng CoDM?

S

Para sa anumang isyu sa paggamit ng CoDM, maaaring tumawag sa CoDM support hotline sa (02) 8-689-3599 o mag-email sa codmproject.ph@brinks.com.

Ang mga isyung kaugnay ng transaksyon sa CoDM ay kailangang i-report sa nasabing CoDM support hotline o e-mail bago ang 16 Hulyo 2025 (ika-30 na araw matapos ang suspensyon ng CoDM Project). Katulong ng BSP ang CoDM Project service provider sa pagresolba ng mga isyung may kinalaman sa operasyon ng mga CoDM sa loob ng nasabing panahon.

Para sa iba pang katanungan, maaaring mag-email sa codm@bsp.gov.ph.